# CONVEYOR

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION

Tomo 4 Isyu 3 Hulyo - Setyembre 2024


## Antique PDRRMO, pinangunahan ang SIEAG training 2024

Pahina 4



### Diksyonaryong Caluyanon-Filipino, inilunsad ng DWSSII

Pahina 8

### SMPC, nakatanggap ng plaque of recognition mula sa BFP

Pahina 7

### LTO, nagsagawa ng inspeksiyon sa extension office nito sa isla

Pahina 9



## Ruben P. Lozada
Vice President for Mining Operations and Resident Manager

Mayad nga adlaw, Semiraranhon!

Buong puso kong pinasasalamatan ang patuloy na suporta at kooperasyon ng mga empleyado ng SMPC, mga miyembro ng komunidad, at iba pa nating stakeholders. Ang inyong suporta ang nagsisilbing inspirasyon sa aming masigasig na pagpapatupad ng mga programa para sa kapakanan ng ating host community.

Patunay dito ang pakikipagtulungan ng SMPC upang maihatid ang pampublikong serbisyo ng iba't ibang sangay ng gobyerno sa mga Semiraranhon at Caluyanhon. Kabilang sa mga proyektong ito ang DTI Caravan at ang pagtatayo ng LTO extension office sa isla.

Bagamat patuloy tayong humaharap sa maraming pagsubok, pagtitiyak natin na patuloy tayong magpapatupad ng mga programa't proyekto para sa ikauunlad ng komunidad. Muli, maraming salamat sa inyong suporta sa SMPC!



## Creslito D. Bangalao
Administrative Division Manager

Malugod na pagbati sa patnugutan ng Conveyor at sa lahat ng ating mga kababayan dito sa Semirara!

Sa ikatlong kwarter ng taon, pinangunahan ng SMPC ang mga programa at proyekto sa kalusugan, edukasyon, pangangalaga sa kapaligiran, at pangkabuhayan. Isa na rito ang pagbigay ng libreng cervical cancer screening para sa mga kababaihang miyembro ng komunidad. Bukod dito, naging matagumpay din ang SIEAG Training noong Setyembre, katuwang ang mga lokal na pamahalaan ng isla ng Semirara at bayan ng Caluya. Ang training na ito ay naglalayong mas mapalawak ang kakayahan at kahandaan ng komunidad sa pagtugon sa mga emergency at kalamidad.

Sa nalalapit na pagtatapos ng 2024, asahan ninyong patuloy ang SMPC na maging kaagapay ninyo sa positibong pagbabago ng komunidad!


# CONVEYOR

**Editorial Adviser:** Engr. Ruben P. Lozada
**Editor in Chief:** Creslito D. Bangalao
**Managing Editor:** Januar R. Ong
**Associate Editor:** Ellaine R. Macayan
**Editorial Assistant:** Myrla D. Ong Gue, Matt Jerome Casequin
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

**Section Editors:**
Justine P. Balbin
Ben S. Lawangon
Catherine G. Lim
Romeo B. Malixi
Annaliza F. Patingan
Almar G. Valdemar
Joie E. Ebon

**Writing and Photo Contributors:**
Allanibeth G. Vargas
Lorbec Anne S. Navallasca
Antonette T. Lozano

Semirara Mining & Power Corporation
Republic of the Philippines Department of Energy




## MGA NILALAMAN


**02** Mensahe

**03** 36 kababaihan, nakinabang sa medical mission ng SMPC
Laptop at printer, ibinigay sa Tinogboc Health Center

**04** 2 portable chainsaw, natanggap ng Caluya Fire Station
Healthy SMPC: Nutrition Caravan 2024
Antique PDRRMO, pinangunahan ang SIEAG training 2024

**05** 108 kabataan sa isla ng Semirara, nakilahok sa summer sports clinic
SMPC, nakiisa sa Brigada Eskwela 2024

**06** Tinogboc National High School, nakatanggap ng desktop computers at aircon
DTI, nagsagawa ng caravan sa isla ng Semirara

**07** 100 inahing manok, ipinamahagi sa Semirara Stevedoring Association Inc.
Fabric cutting machine at iba pang materyales, natanggap ng Tinogboc women's association

**08** Diksyonaryong Caluyanon-Filipino, inilunsad ng DWSSII

**09** LTO, nagsagawa ng inspeksiyon sa extension office nito sa isla
Religious sector ng Brgy. Semirara, nakatanggap ng monobloc chairs at tables

**10** PCG Occidental Mindoro, nakatanggap ng construction materials
Tinogboc SCO, nabigyan ng laptop

**11** PCG Bulalacao sub-station, nakatanggap ng standfans mula sa SMPC
SMPC Family Day 2024

**12** Sustainability Puzzle







## 36 kababaihan, nakinabang sa medical mission ng SMPC

Bilang bahagi ng quarterly medical mission ng SMPC, nagsagawa ang kumpanya ng cervical cancer screening sa 36 na kababaihan noong Oktubre 4, 2024. Ang aktibidad na ito ay naisagawa sa pangunguna ng SMPC Infirmary, katuwang ang Provincial Health Office ng Antique.

Ipinaliwanag ni Dr. Jamie Phill R. Duldoco-Biñas, medical specialist ng Provincial Health Office, ang mga mahahalagang aspeto ng cervical cancer, at kahalagahan ng pagkalutas nito.

Kabilang sa mga nakilahok ang mga kababaihan sa mga barangay ng Semirara, Alegria, at Tinogboc at mga empleyado ng SMPC. Nagpasalamat ang mga benepisyaryo sa ginawang medical mission, maging ang mga doktor dahil sa inisyatibong ito.

## Laptop at printer, ibinigay sa Tinogboc Health Center

Isang Lenovo laptop, Epson 3-in-1 printer, at 22 bote ng ink ang ibinahagi ng SMPC sa Brgy. Tinogboc Health Center, Caluya, Antique noong Hulyo 3, 2024. Ang donasyon na ito ay makakatulong sa barangay health workers sa kanilang pang araw-araw na gawain at makakatulong sa pagbibigay ng serbisyong medikal sa kanilang mga kabarangay.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng SMPC, kasama si Hon. Miller V. Erodias, Barangay Kawagad at tagapangulo ng komite sa pangkalusugan, 8 barangay health workers, at 2 kawani mula sa municipal health office.








The Conveyor - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3 - Reduced Pages.indd 2-3 2/10/2025 4:07:47 PM



## Healthy SMPC: Nutrition Caravan 2024

Bilang paggunita sa Nutrition Month, isinagawa ng SMPC ang Nutrition Caravan noong Hulyo 24-26, 2024, na naglalayong maisulong ang malusog at produktibong pamayanan sa isla ng Semirara.

Iba't ibang aktibidad ang isinagawa sa tatlong araw ng selebrasyon, kabilang ang seminar sa diabetes, "Pinggang-Pinoy" kung saan tinalakay ang mga masustansyang pagkain na maaaring ihain at kainin, at mga plant-based diets. Nagpapasalamat ang SMPC kina Dr. Carol Beatrice S. Nebit, Bb. Hannah May D. Manongol, at Bb. Blanz Rhea Fea Sabornido sa kanilang paglahok bilang mga tagapagsalita sa mga pagsasanay.

Sa ikatlong araw ng Nutrition Caravan ay idinaos ang isang patimpalak sa pagluluto na nilahukan ng mga empleyado ng kumpanya.

## 2 portable chainsaw, natanggap ng Caluya Fire Station

Nagbigay ang SMPC ng dalawang portable chainsaw sa Caluya Fire Station noong Hulyo 12, 2024, bilang tugon sa kanilang kahilingan para sa rescue equipment at tools upang mas mapabuti at mas mapabilis ang kanilang serbisyo sa komunidad ng Caluya.

Ang mga units ay nai-turn over kina FO3 Gil Filaro, FO1 Cede Jan Du-ay, at FO1 Reyno A. Penaflorida ng Caluya Fire Station. Humiling din ang Caluya Fire Station ng water tank na kayang maglaman ng 1,000 litro at dalawang units ng fabricated double deck beds na kasalukuyang nakatakdang i-turn over.

Layunin ng mga donasyong ito na mabigyan ang Bureau of Fire Protection ng sapat na kagamitan sa emergency responses na kanilang isinasagawa.




TAMPOK





## Antique PDRRMO, pinangunahan ang SIEAG training 2024

Sa ika-11 na pagkakataon, matagumpay na naisagawa ang Semirara Island Emergency Action Group (SIEAG) Training noong Setyembre 23-27, 2024. Ang training ay pinangunahan ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO).

Nilahukan ito ng 234 na volunteers mula sa mga kasapi ng mga lokal ng pamahalaan ng bayan ng Caluya at tatlong barangay ng isla ng semirara, at mga empleyado ng SMPC. Sa pangunguna ni PDRRMO Director Broderick G. Train at kanyang team, naituro sa limang araw na pagsasanay ang mga naaayon na tugon sa panahon ng kalamidad, kabilang na ang tamang koordinasyon at epektibong komunikasyon.

Sa ginanap na training at workshop, binigyang kaalaman din ang barangay officials at volunteer responders ng epektibong disaster management skills, kagaya ng standard first aid, vehicular extrication rescue, collapsed structure search at rescue, mass casualty incident simulation exercises, water search and rescue, atbp.







## 108 kabataan sa isla ng Semirara, nakilahok sa summer sports clinic

Bilang pagsuporta sa kulturang sports, muling isinagawa ng SMPC ang Summer Sports Clinic 2024, noong July 14-15, 2024, na nilahukan ng 108 kabataan sa isla ng Semirara.

Basketball at volleyball ang mga tampok na laro ngayong taon na pinangunahan ng mga propesyonal at batikan na mga manlalaro na sina Mark Patricio, Arvin Christian Estomata, at Noel Norman Salvador (para sa Volleyball Men); Bien Elaine Juanillo at Lorraine Lorejo (para sa Volleyball girls); at Chibueze Ikey (para sa Basketball) na nagsilbing mga coach ng mga bata.

Pagkatapos ng dalawang araw na training, isinagawa ang isang friendly match kung saan binigyan ng mga gift certificate ang mga nanalong kalahok. Patunay ito sa maigting na pagsuporta ng SMPC sa larangang pangpalakasan at paglinang sa sportsmanship ng kabataan.










## SMPC, nakiisa sa Brigada Eskwela 2024

Nakiisa ang SMPC sa Brigada Eskwela 2024 bilang bahagi ng paghahanda sa nalalapit na pasukan. Sa kabuuan, 13 pampublikong paaralan ang naging benepisyaryo ng kumpanya sa aktibidad na ito.

Nakiisa rin ang mga empleyado ng SMPC sa pamimigay ng materyales para sa paglilinis, pagsasaayos ng upuan at pasilidad ng eskwelahan. Kabilang sa mga paaralang nabigyan ng tulong ay ang Semirara Elementary School, Semirara National High School, Tinogboc National High School, Tinogboc Elementary School, Bunlao Integrated School, Alegria Elementary School, at Villarises Elementary School.

Dumako rin ang SMPC sa kabilang isla upang mamigay ng 50 armchairs sa bawat paaralan ng Sabang II Elementary School, Bacong Elementary School, Bonbon Elementary School, Sibay Elementary School, Harigue Elementary School, at Dionela Primary School. Patuloy ang suporta ng SMPC sa edukasyon sa pamamagitan ng ganitong mga inisyatibo.







The Conveyor - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3 - Reduced Pages.indd 4-5
2/10/2025 4:07:58 PM

6 EDUKASYON



## Tinogboc National Highschool, nakatanggap ng desktop computers at aircon

Isang unit ng aircon at 2 desktop computers ang naipamahagi ng SMPC sa Tinogboc National High School (TNHS) noong Agosto 16, 2024. Ang donasyon na ito ay naglalayong mabigyan ng kagamitan ang mga estudyante sa kanilang computer laboratory para sila ay mas komportableng makapag-aral.

Nagpaabot ng pasasalamat si Ms. Preni D. Semillion, Teacher-in-charge ng TNHS, "Very thankful kami, malaking tulong 'yung aircon para sa aming computer laboratory, tapos syempre 'yung desktop magagamit din ng mga bata kasi 'yung desktop namin diyan is konti na lang 'yung gumagana, kaya very thankful po ang Tinogboc National High School".



## Programang pang-kolehiyo, hatid ng DWSSII

Sa pakikipagtulungan ng Divine Word College of San Jose (DWCSJ), apat na kursong pang-kolehiyo ang inilunsad ng Divine Word School of Semirara Island Inc. (DWSSII) para sa mga residente ng isla na gustong magtapos ng kolehiyo.

Para sa academic year 2024-2025 ng TEP o Tertiary Education Program, higit sa 130 ang nag-enroll sa mga kursong Bachelor of Science in Elementary Education (BEEd), Bachelor of Science in Secondary Education (BSEd), Bachelor of Science in Accountancy (BSA), Bachelor of Science in Information Technology (BSIT), Uniting Program na para sa mga degree holder na gustong magturo, at Bridging Program na para naman sa mga hindi nakapagtapos ng K-12 curriculum na gustong ituloy ang pag-aaral sa kolehiyo.

Nakadisenyo ang TEP na mabigyan ng pagkakataon ang sino man, kabilang ang mga naghahanapbuhay at magulang, na makapag-aral ng face-to-face, modular o blended learning. Ang kolaborasyong ito ng DWCSJ, DWSSII, at SMPC ay naghahangad na mabigyan ng pagkakataong makapagaral ang mas nakararaming mimeybro ng komunidad at maisulong ang kahalagahan ng edukasyon sa lahat.

KABUHAYAN

## DTI, nagsagawa ng caravan sa isla ng Semirara

Matagumpay na naidaos ang tatlong araw na caravan ng Department of Trade and Industry (DTI) noong Agosto 13-15, 2024 sa isla ng Semirara.

Kabilang sa mga aktibidad ay ang diskusyon tungkol sa DTI and Negosyo Center services, pagtuturo sa Fair Trade Laws, at Consumer Advocacy, upang matulungan ang komunidad na maintindihan ang kanilang karapatan lalo ng mga senior citizen at PWD.

Nagkaroon din ng seminar sa paggawa ng coco-based products at kung paano ang tamang costing at pricing sa mga paninda.

Binisita rin ng DTI ang mga Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs) para sa kanilang standard monitoring. Nag-inspeksyon din sila sa mga tindahan ng vape, service at repair shops, at iba pang maliliit na negosyo.






KABUHAYAN 7



## 100 inahing manok, ipinamahagi sa Semirara Stevedoring Association Inc.

Naipamahagi ng SMPC ang 100 inahing manok, kasama ang tatlong tandang sa mga miyembro ng Semirara Stevedoring Association Inc. noong Agosto 05, 2024.

Ang nasabing aktibidad ay naglalayong makapagbigay ng kabuhayan sa komunidad at pandagdag kita sa mga miyembro ng asosasyon. Kasama rin sa ipinamahagi ang walong sako ng patuka sa manok at mga kulungan na gawa sa paleta at construction frames.

Ang proyektong ito ay bahagi ng Social Development Program ng SMPC.




## Fabric cutting machine at iba pang materyales, natanggap ng Tinogboc women's association

Upang makatulong sa mas mabilis na proseso ng pananahi, nagbigay ang SMPC ng isang unit ng fabric cutting machine sa Tinogboc Women's Association, benepisyaryo ng SMPC Dressmaking and Tailoring Project, sa Brgy. Tinogboc, Caluya, Antique.

Kabilang sa ibinigay ay ang mahigit 200 kilo na lumang damit at tela bilang raw materials sa paggawa ng basahan. Ang mga tela ay mula sa "Barteran: Grave to Cradle", isa pang proyekto ng SMPC kung saan kinokolekta ang mga lumang damit at tela kapalit ng gift certificates na maaring gamitin sa SMPC Commissary upang ipambili.

KOMUNIDAD




## SMPC, nakatanggap ng plaque of recognition mula sa BFP

Binigyang parangal o plaque of recognition ang SMPC sa ika-33 anibersaryo ng Bureau of Fire Protection (BFP), noong Agosto 15, 2024, sa Diversion Hotel, Mandurriao, Iloilo City.

Ang parangal na ito ay bilang pagkilala at pasasalamat sa mga kontribusyon ng kumpanya sa tagumpay ng mga programa at aktibidad ng BFP. Malugod na tinanggap ng kinatawan ng SMPC, na si Dr. Arleen Joy Vallejo, Director ng SMPC Infirmary ang plaque.

Dinaluhan din ang nasabing okasyon nina Ramon Evan T. Ruiz, TESDA Regional Director, at mga opisyal ng BFP Region 6.

Muling napatunayan ng SMPC ang suporta nito sa mga programa na may malasakit at tumatalima sa tungkulin para sa komunidad.




## Diksyonaryong Caluyanon-Filipino, inilunsad ng DWSSII

Matagumpay na inilunsad ng Divine Word School of Semirara Island Inc. (DWSSII) sa komunidad ang isang research journal na may pamagat na "Mina Kang Kaaram" o Mine of Knowledge, na naglalaman ng diksyonaryong Caluyanon-Filipino.

Isinulat ni Gng. Lelet G. Barrientos, MAEd, ang journal na naglalayong makabuo ng diksyonaryo na siyang instrumento upang patuloy na mabigyang-halaga, pang-unawa, at mapayaman ang dayalektong Caluyanon.

Ang Diksyonaryong Caluyanon-Filipino ay isang espesyal na edisyon ng Mina Kang Kaaram, matapos mailimbag nina Gng. Barrientos at ng DWSSII ang Volume 1 ng nasabing research journal. Nailahad rin ang journal na ito sa *Pambansang Kongreso sa Nanganganib na Wika* sa ilalim ng Komisyon ng Wikang Filipino noong Oktubre 2022 sa Pambansang Museo ng Pilipinas.













## LTO, nagsagawa ng inspeksiyon sa extension office nito sa isla

Binisita ng Land Transportation Office (LTO) Region 6 ang ginagawang LTO extension office sa isla noong Agosto 5, 2024. Ang mga kawani ay nagsagawa ng inspeksyon upang makita kung ang mga pasilidad tulad ng opisina, driving school at clinic ay naaayon sa kanilang standard.

Sumama rin sa inspeksyon sina Atty. Geduspan II, Regional Director ng LTO Region 6, Mayor Rigil Kent Lim ng Caluya, Antique at ibang miyembro ng Caluya LGU.

Ayon kay Regional Director Geduspan, malayo ang isla ng Semirara kaya't isang makabuluhang hakbang ang pagkakaroon ng LTO extension upang maserbisyuhan ang komunidad dito.







## Religious sectors ng Brgy. Semirara, nakatanggap ng monobloc chairs at tables

Dahil sa patuloy na paglago ng pananampalataya sa isla ng Semirara, namahagi ang SMPC ng mga monobloc na upuan at mesa sa limang sektor panrelihiyon noong Hulyo 9, 2024 sa Brgy. Semirara Gymnasium, Caluya, Antique. Naipamahagi ang 147 piraso ng upuan kasama ang 70 lamesa sa Semirara Fundamental Baptist Church, Our Lady of Miraculous Medal, St. Joseph the Worker, Miracle Foursquare Gospel Church, at Calvary Gospel Tabernacle, Inc.

Kaisa ang SMPC sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng pananampalataya sa komunidad, iba't iba man ang sektang kanilang kinabibilangan.










The Conveyor - Q3 2024 - Volume 4, Issue 3 - Reduced Pages.indd 8-9 2/10/2025 4:08:14 PM




## PCG Occidental Mindoro, nakatanggap ng construction materials

Matagumpay na nai-turn over ng SMPC at MV Maria Cristina ang mga construction materials para sa receiving station ng Philippine Coast Guard (PCG) Occidental Mindoro noong Agosto 12, 2024.

Sa kabuuan, 240 piraso ng bakal; 500 piraso ng hollow blocks; 100 sako ng semento; 80 piraso ng coco lumbers, at 20 piraso ng marine plywood ang naibahagi ng SMPC. Tinanggap ang materyales nina CG ENS Keneth Bongabong, Deputy Commander; at CG ENS Jhon Vincent, OIC on Operations.

Nagpaabot ng pasasalamat si CG ENS Bongabong , ika niya "Napakalaking tulong nitong materyales na binigay [ng SMPC]. Almost 80% ng project kaya na siyang maitayo".





## Tinogboc SCO, nabigyan ng laptop at portable trolley speaker



Matagumpay na naipagkaloob ng SMPC sa Tinogboc Senior Citizens Organization ang isang unit ng laptop at portable trolley speaker noong Setyembre 09, 2024.

Ang naibigay na speaker at laptop ay magiging kapaki-pakinabang sa kanilang mga pagpupulong at iba pang aktibidad sa kanilang organisasyon. Nataon din na ang turnover activity ay kaalinsabay sa kanilang quarterly meeting, kaya nagamit nila agad ang mga kagamitang binigay ng SMPC.






## PCG Bulalacao sub-station, nakatanggap ng standfans mula sa SMPC

Pinagkalooban ng SMPC at MV Maria Cristina ng 4 na pirasong standfans ang Philippine Coast Guard (PCG) Substation, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Setyembre 12, 2024. Tinanggap nina PO2 Gary A. Famenia at PO3 Kimuel D. Lolong ang simpleng handog na ito na magagamit nila sa kanilang pasilidad, para sa mas kumportableng pagserbisyo sa publiko.



## SMPC Family Day 2024

Masaya at makabuluhang araw para sa mga empleyado ng SMPC at kani-kanilang mga pamilya ang ginanap na Family Day noong Agosto 18, 2024 sa Ilugao Beach, Semirara.

Higit sa 200 na empleyado at pamilya nila ang lumahok sa family day, kung saan hindi lang palaro at pagkain ang inihanda ng Human Resource Department, kundi ang ilang makabuluhang diskusyon na may kinalaman sa kalusugan at buong kapanakan ng pamilya. May mga laro rin na pangbata at pang buong pamilya na masayang nilahukan ng lahat.

Nagpasalamat naman si Mine Division Head, Mark Munar sa mga nakiisa sa Family day, kung saan binigyang-diin niya ang kahalagan ng maayos at masayang pamilya at ang dulot nito sa produktibong kumpanya.








# SUSTAINABILITY PUZZLE

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | Z | U | J | K | C | Z | M | K | V | A | J | B | C | N | K | D | V | M | B |
| O | S | B | R | I | G | A | D | A | F | O | Z | O | O | D | J | E | P | E | R |
| B | E | X | O | V | U | U | L | E | M | U | L | Y | U | O | N | S | D | D | I |
| D | R | I | K | M | M | G | N | U | I | O | S | U | A | R | E | F | S | I | G |
| S | B | Z | E | S | H | S | L | C | R | A | V | W | N | C | N | C | X | K | A |
| P | I | R | R | J | P | U | O | F | T | W | B | Y | R | T | N | A | U | A | D |
| E | S | N | I | H | C | L | W | R | Y | N | N | U | Y | C | E | W | L | L | A |
| A | Y | A | Q | I | B | G | O | A | A | D | O | S | C | O | K | E | J | Q | D |
| K | O | V | R | O | K | P | L | G | U | S | K | O | A | O | V | N | R | C | Q |
| E | Z | R | N | T | S | B | U | F | E | D | Y | K | L | R | H | U | L | S | O |
| R | U | O | L | N | A | S | O | R | S | R | P | O | U | D | N | T | K | F | P |
| C | M | M | A | I | U | M | F | D | A | E | G | L | Y | I | N | R | R | N | E |
| V | A | R | C | L | W | K | B | N | R | S | Z | E | A | N | B | I | I | B | R |
| F | T | R | A | W | A | A | O | A | M | S | V | H | N | A | J | S | M | E | A |
| H | K | K | A | O | L | Y | G | E | L | M | G | I | H | T | O | Y | E | T | T |
| B | O | Z | O | V | S | G | U | A | Y | A | P | Y | O | I | M | O | O | C | I |
| J | U | I | T | K | A | J | F | J | O | K | N | O | N | O | X | N | G | B | O |
| R | K | Z | I | L | G | N | D | H | F | I | N | G | F | N | Z | E | W | B | N |
| K | I | D | Z | R | E | S | C | U | E | N | B | A | R | T | E | R | A | N | S |
| L | J | D | V | R | C | O | A | S | T | G | U | A | R | D | F | D | H | Z | G |

MEDIKAL
SERBISYO
KALUSUGAN
NUTRISYON
VOLUNTEERS
RESCUE
COORDINATION
CARAVAN

TAMBALANG
BARTERAN
CALUYANHON
LIWAGAO
RESOURCES
MONOBLOC
COASTGUARD
DIKSYONARYO

TRANSPORTASYON
BRIGADA
DRESSMAKING
OPERATIONS
CURRICULUM
KOLEHIYO
BRIGADA
JOURNAL
SPEAKER

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0962 641 7429
Email: communityrelations@semirarampcsite.com
www.semiraramining.com
facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
linkedin.com/company/semirarampc
youtube.com/semirarampc

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION